Mga Bakuna Laban sa COVID-19: Alamin ang mga Katotohanan

KATOTOHANAN: Hindi ka magkakaroon ng COVID-19 dahil sa mga bakuna laban sa COVID-19.

Wala sa mga bakunang laban sa COVID-19 na kasalukuyang ginagawa sa Estados Unidos ang gumagamit ng buhay na virus na nagdudulot ng sakit sanhi ng virus na COVID-19.

KATOTOHANAN: Hindi magiging sanhi ang mga bakuna laban sa COVID-19 upang magpositibo ka sa pagsusuri sa virus na COVID-19.

Hindi ka magpopositibo sa mga pagsusuri dahil sa mga bakuna, na ginagamit kung mayroon kang **kasalukuyang impeksyon**.

KATOTOHANAN: Maaari pa ring makinabang mula sa pagpapabakuna ang mga taong nagkasakit na ng COVID-19.

Sa panahong ito, hindi alam ng mga eksperto kung gaano katagal na protektado ang isang tao mula sa pagkakasakit muli pagkatapos gumaling mula sa COVID-19. Magkakaiba sa bawat tao ang imyunidad sa sakit na nakakamit ng isang tao mula sa pagkahawa (natural na imyunidad sa sakit). Iminumungkahi ng mga naunang ebidensya na maaaring hindi gaanong magtagal ang natural na imyunidad mula sa sakit.

KATOTOHANAN: Makatutulong ang pagpapabakuna upang maiwasan ang pagkakasakit dahil sa COVID-19.

Walang paraan upang malaman kung paano ka maaapektuhan ng COVID-19. Kung magkasakit ka, maaari mo ring maipasa ang sakit sa mga kaibigan, kapamilya, at iba pang taong nasa paligid mo habang maysakit ka. Tumutulong ang pagbabakuna laban sa COVID-19 upang protektahan ka sa pamamagitan ng paglikha ng isang antibody na pagtugon nang hindi kailangang makaranas ng pagkakasakit.

KATOTOHANAN: Hindi mababago ang iyong DNA ng pagtanggap ng isang mRNA na bakuna.

Maaaring pinakamadaling mailarawan ang mRNA (messenger ribonucleic acid) bilang mga tagubilin kung paano gumawa ng isang protina o kahit na isang piraso lamang ng protina. Hindi kaya ng mRNA na ibahin o baguhin ang henetikong kaayusan o genetic makeup (DNA) ng isang tao.

Hinango mula sa Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention).

Disyembre 17, 2020